

Iskedyul ng Mga Benepisyo sa Dentista ng Bata (Child Dental Benefits Schedule)

Mga Madalas na Itinatanong

Ano ang Iskedyul ng Benepisyo sa Dentista ng Bata (Child Dental Benefits Schedule)?

Ang Child Dental Benefits Schedule (CDBS) ay isang programa na nagbibigay sa kwalipikadong mga bata at kabataan ng hanggang sa \$1,095 na mga benepisyo ng Medicare sa loob ng dalawang taon para sa simpleng pangangalaga ng ngipin.

Kwalipikado ba ang aking anak para sa CDBS?

Ang mga bata at kabataan ay kwalipikado para sa CDBS kung sila ay:

- edad 0 hanggang 17 taon para sa anumang isang araw ng taon
- kwalipikado sa Medicare
- bahagi ng isang pamilya na tumatanggap ng Family Tax Benefit Part A (Benepisyo ng Pamilya sa Buwis Bahagi A) o kung ang bata ay tumatanggap ng isang pagbabayad mula sa Pamahalaan ng Australya mula sa listahan na makukuha sa Department of Human Services (Departamento ng Serbisyong Pantao)

Bakit ako hihilinging lagdaan ang isang financial consent form (porma ng pahintulot sa pinansiyal) upang magamit ang CDBS sa isang pampublikong dentista?

- Ito ay magpapahintulot sa mga pampublikong serbisyo ng dentista na humingi ng mga benepisyo mula sa Medicare para sa mga kwalipikado sa CDBS na mga bata
- Ang mga benepisyong ito ay gagamitin upang mapahusay ang mga serbisyo at gamutin ang mas maraming mga pasyente na nangangailangan ng pagkaka-alaga ng ngipin.

Sisingilin ba ako ng anumang bayarin kung gagamitin ko ang benepisyo ng aking anak sa isang pampublikong klinika ng ngipin?

Hindi. Ang mga pampublikong klinika ng ngipin sa NSW ay magbibigay ng pangangalaga sa iyong anak nang walang gastos mula sa iyo. Kahit nang maaabot mo ang \$1,095 na limitasyon ng benepisyong Medicare CDBS, o kung ang iyong anak ay nangangailangan ng paggamot na hindi saklaw ng CDBS, hindi ka sisingilin para sa mga serbisyong ito.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa CDBS?

Para sa impormasyon tungkol sa CDBS na pampublikong serbisyo ng ngipin sa NSW, bisitahin ang: health.nsw.gov.au/cdbs



Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa CDBS, bisitahin ang website ng Department of Human Services.

Nais mong madagdagan ang kaalaman?

Magtanong sa aming mga kawani o bisitahin ang health.nsw.gov.au/cdbs

